



Sofibats by

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG KAALAMANG WALANG KABULUHAN AY WALANG SAYSAY

Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,

Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,

Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin, Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina, Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.

Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya

Ang shaytan ay di nagpapahinga at ginagawa ang lahat para linlangin ka. Ang mga taong hindi edukado ay maingat sa kanilang pananalita kapag sila ay tinanong sapagakat takot silang pagalitan. Takot sila sa Allah o Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. May mga tao din na nag-aaral at ngunit para sa kanilang Nafs. Dapat ating tandaan na “Ra’sul hikmati Makhafatallah.” Ang ulo ng karunungan o kaalaman ay takot sa Allah. Kahit ang isang ignoranteng tao ay may maliit na paniniwala sa kanilang puso sa Allah. Mayroon din na nagiging di mananampalataya at sumusunod sa Shaytan. Mayroon din na kapag mas nag-aaral ay mas nagiging Shaytan.

“Whomever Allah has given wisdom, He has been given great good.”

وَمَنْ يُؤْتَ الْحِكْمَةَ فَقَدْ أُوتِيَ خَيْرًا كَثِيرًا

“Wa man yu’tal hikmata faqad ootiya khayran kathira.” (Sura Baqara:269) Hindi naman mahalaga na pag-aralan lahat at maging isang scholar. Wala iyong saysay kapag di ka binigyan ng Allah ng Hikma. Ang kaalaman na walang Hikma ay walang saysay. Ngayon may nakikita tayong mga Salafi sa mundo ng Islam. Maaring alam nila ang mga surahs at hadiths pero ano ang saysay niyon kung walang hikma silang dinadala.

Sinabi ng Allah (JJ) na wag gumawa ng kasamaan. Sinabi niyang wag pumatay ng tao. Haram ang ari-arian at dugo ng Muslim sa iyo ngunit sabi ng mga Salafi ay Halal. Mga alipin lang sila ng Shaytan. Wala silang pinapakitang pagpupuri sa Allah kaya sila’y alagad ng Shaytan. Ang relihiyon ng Islam ay puno ng magandang asal, kapayapaan at respeto. Di ito nakikita sa kanila.

Itong mga naituro sa atin ay mula sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam, at mula kina Sayyiduna Abubakr(ra) at Sayyiduna Ali(kw). Ang Naqshbandi tariqa ay mula kay Hadrat Abu Bakr (RA) at ang ibang tariqa ay mula kay Hadrat Ali (RA).

Binigyan nila ng liwanag ang Islam. Walang takot hanggat sila’y andito. Ngunit pagkatapos ng Ottomans ay pagkahati ng Ummah. Maraming nagdatingan na fitna mula sa mga edukado at may kaalaman. Sila’y walang iman.

Allah Azza wa Jalla tells in the Koran:

قَالَتِ الْأَعْرَابُ آمَنَّا قُل لَّمْ تُؤْمِنُوا

“Qalatil A’rabu amanna, qul lam tu’minu.” “The Bedoins said, ‘We believe.’ Say, ‘You do not believe.’” (Sura Hujurat:14) He said, “You have no iman.” Ika’y naging



Sofibats by Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Muslim. Ang sinomang nagsabi ng Kalima Shahada ay muslim. Iba ang Iman. Ang ibig sabihin ng Iman ay Tasawwuf. Ang pagbibigay ng iyong sarili sa Allah. Ngunit ang mga Salafi ay walang ganito dahil ang kanilang Nafs ang kanilang sinusundan.

Katulad ng sinabi namin kahapon, gusto nila ng fasyon. Sinusundan natin ang Madh'hab 1300-1400 na taon. Pero sinsasabi nila na ayaw na nila ng Madh'hab at gusto nila ng bago. Sinusubukan nila sa loob ng isang daang tao pagkatapos ng Ottoman. Puno na ng alagad ng Shaytan ang mundo ng Islam. Mayroon ding kulagang ang pag-aara na di sumusunod sa mga Madh'hab. Akala nila'y katulad sila ng tao sa sinauna. Sinusundan lang nila ang kanilang Nafs.

Ang mga taong may takot sa Allah ay may Shaykh, sila ang mga taong sinabi ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam sa Hadith. Sinabi niya ang lahat ng bagay na darating hanggang sa araw nang paghukom. May mga espesyal na hadith din siya tungkol kay Imam 'Azam at Imam Shafi'i. Kapag inalis mo ang madh'hab ay walang kagandahan itong maidudulot. May Paghuhukom din sa huli. Malulugi ka sa huli at wala kang karapatang itaboy ang iba sa maling landas. Matakot ka sa Allah. Ito'y sapat na. Kapag maraming tao ang iyong mailagay sa maling landas mas dadami ang iyong kasalanan.

Mahal natin ang Imam Azam at sinusundan siya. Siya ang ating sinusundan at hindi ang mga walang isip. Ang taong may gusto sa fasyon o baguhin ang pagsunod sa madh'hab ay nasa maling landas.

Ang mga libro ngayon ay di katulad ng mga libro dati dahil iyon ay sinulat ng di kasama ang nafs subalit ngayon ang mga libro ay sinusulat ayon sa kagustuhan ng Nafs. Magbabalik din sa kanila ang kasamaan na kanilang ginawa. Pinoprotektahan ng Allah ang kaniyang relihiyong Islam at sila'y bibigyan ng hukom sa huli. Ang kaguluhan ay marami. Napakataas na sa mundo ng islam ng kaguluhan. Maraming Wahhabi at Salafi ang nagdadala sa maling landas. Sana'y ginamit nila ang kanilang isipan.

Kaya sabi Holy Prophet (SAW) :

تَفَكَّرُ سَاعَةً خَيْرٌ مِنْ عِبَادَةِ سَنَةٍ

“Thinking for an hour is better than the worship of a hundred years.” Ang pag-iisip sa isang oras ay mas mabuti sa isang daang taong pagsasamba. Ito'y mas nakakabuti kaysa sa pagsasambang walang saysay.

May mga Salafi o Wahhabi ba sa oras ng ating mga ninuno? Ang ating mga ninuno na sumusunod sa Madh'hab ang gumawa ng magagandang Masjid, Dergashs, Zawayahs, Maktabs at mga Madrasas. Ito'y kanilang iniwan sa atin ngunit pagdating ng mga Salafi at Wahhabi kanila lamang itong sinira.

Kaya pag iyong iisipin kung tama nga ang ating mga ninuno ay iyong isipin din na kung di dahil sa kanila ay di tayo Muslim ngayon. Ang kanilang pamamaraan sa pagsunod sa Islam ay dapat natin sundan at wag palitan. Madali lamang iyon.



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Lumayo ka sa mga taong Shaytan na katulad nila. Hayaan mo silang tumahol katulad ng Aso. Mahahanap nila ang malaking paghihirap at problema at sila'y mawawala na In Sha Allah. Mangyayari din ito sa huli ngunit dahil ngayon na ang huling araw patuloy na ang fitna. Protektahan nawa tayo ng Allah at kanyang ipadala ang may-ari.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
22 January 2016/12 Rabiul Akhir 1437
Post-Hadra, Akbaba Dargah

9. Academies 10. Theological schools